Pahayag ni **KEVIN PARK**, Kandidato para sa

Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Santa Clara, Puwesto 7

Trabaho: Siyentipiko, Guro, Inhinyero

Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:

Marami akong natutunan sa dalawampung taon bilang aktibong residente ng Santa Clara. Mula sa aking karanasan sa mga organisasyon tulad ng Kapisanan ng Mga Kapatid na Lunsod ng Santa Clara at Komite ng Mamamayang Nagpapayo, hanggang sa aking pagdalo sa mga pulong ng Konseho ng Lunsod at Komisyon sa Pagpaplano, hanggang sa aking matibay na suporta sa mga kapitbahayan, nagkaroon ako ng pag-unawa sa ating Lunsod at sa mga tao nito. Sa Komiteng Namamatnubay sa Pangkalahatang Plano, tumulong akong buuin ang pangmatagalang bisyon para sa ating Lunsod, para lang pala makitang mabali ang planong iyon dahil sinira ng mga pag-apruba ng proyekto at konseho ang integridad ng nakapaillalim na disenyo.

Ibalik natin ang pananaw, na nagbibigay-diin sa pagpaplano kaysa sa simpleng pagpapaunlad, upang makalikha ng mga bagong komunidad na may mga tahanan at pamilya habang pinepreserba ang likas na katangian ng mga kasalukuyang kapitbahayan. Ibigay natin sa mga tagapagpaunlad ang kailangan nila upang mapahusay ang ating Lunsod, ngunit nang nasa loob ng ating bisyon, at nang may mga benepisyo sa parehong panig. Labanan natin ang pagiging hindi aktibo ng ating Lunsod sa pamamagitan ng pagiging mas bukas at pagbabalik sa boses ng mga tao sa pamahalaan. Dapat nating pamahalaan ang pagtaas ng bayad sa mga utilidad upang matulungan ang ating masang may kailangang isaalang-alang sa usapin ng pananalapi, at damihan ang utilidad ng mga tagapagdulot ng Lunsod tulad ng ating Sentro para sa Nakatatanda, mga silid-aklatan at mga parke. Ibalik natin ang pokus sa imprastraktura, kasama na ang mga kalsada, imburnal at bukas na espasyo, upang ang mga susunod na henerasyon ng taga-Santa Clara ay magkaroon ng lugar para yumabong at ng mga dahilan para manatili.

www.kevinpark.org